

Public education  
Discover a world of opportunities

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYA UKOL SA MGA LARONG NAUUKOL SA MGA BILANG

### PIKO

Magaling para matuto ng mga bilang at makapaghehersisyo!

### Tapikin ang lobo

Bilangin kung ilang ulit ninyo matatapik ang isang lobo papunta sa isa't isa na hindi ito sumsayad sa sahig. Kapag sumayad ito sa sahig, ulitin muli ang pagtapik.

### Domino

Bilangin at ipagbagay ang mga tuldok.

Papaglaruin ng mga block ang inyong anak. Makakapagtanong kayo habang siya ay naglalaro. Halimbawa: *Aling block ang pinakamahaba? Tingnan natin kung sino ang makakagawa ng pinakamataas na tore at Makakagawa ka ba ng disenyo sa inyong mga block?*

### Board games

Kapag kayo ay naglalaro ng mga board games na gamit ang dais, tulungan ninyo ang inyong anak malaman kung ilan na hindi binibilang ang bawat tuldok. Halimbawa: *Alam ko na iyan ay apat dahil nakikita ko dalawa at dalawa.* Bilangin ninyo nang malakas ang mga patlang habang kayo ay tumitira sa

laro.

### Mga larong elektroniko

Magsama kayo ng mga pakikipagsapalarang laro (adventure games), mga tablet applications, mga paligsahang naka-base sa web (web-based competition) at mga larong nauukol sa isport. Makipaglaro sa inyong anak ng mga pakikipagsapalarang laro (adventure game) sa kompyuter at magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Ilang mga bituin ang ang inyong kailangan para makapunta sa susunod na antas?*

Ang paglaro ng mga laro gaya ng Sabi ni Simon ay magaling para sa paggamit ng puwesto, mga bilang at pagsukat. Halimbawa maaari ninyong sabihin: *Sabi ni Simon tumalon ng tatlong ulit at Sabi ni Simon umupo sa banig at Sabi ni Simon Umunat nang pataas.*

### Mga larong dais

Gumamit kayo ng dalawang dais para tulungan ang inyong anak na malaman kung anong bilang ang higit na malaki, kung anong bilang ang higit na maliit o kung anong bilang ang magkapareho.

### Mga larong baraha

Magaling ito para matutuhan ang mga bilang at matutong makipaghalinhinan.



**Makakakita kayo nang higit pa  
mga pahina ng mga impormasyon ukol sa  
pantahanang pag-aaral  
sa [education.wa.edu.au](http://education.wa.edu.au).**



Department of  
Education